Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE

March 10, 2023

**NORLITO V. ESCAMILLAN**
Pangulo
Samahan ng Katutubo at Tagalog sa So. Shekinah (S.K.T),
Brgy.Tibag, Abra de Ilog

Ginoong Escamillan,

Ito po ay may kinalaman sa inyong liham sa aming PENRO Ernie E. Tañada na may petsa Marso 2, 2023.

Ayon sa pinadala ninyong sulat may mga katanungan ang inyong samahan na nais nyong mabigyan ng linaw tulad ng :

**Una ang di umano di magandang pagtrato ng inyong abang lingkod** sa inyong **asusasyon**.

Ito po ay walang katutuhanan na di maganda ang ipinakita ng inyong abang lingkod. Gusto ko lang balikan ang sinagawa nating pag-uusap noong Hunyo 15, 2022 sa inyong lugar na kung saan aking pina-abot ang taos-pusong suporta ng aming ahensya na bibigyan ng lunas ang inyong problema. Kung inyong matatandaan pinaabot po ng inyong lingkod na ang lupang gusto ninyong ipasukat at ipamahagi sa mga myembro ay pag-aari nina G. Francisco Leyco at G. Simeon Calangi. Idagdag ko pa dyan hinihingi ko ang tulong ng bawat myembro na kausapin ang mga may-ari ng mabigyan kayo ng "waiver" na hanggang sa ngayon ay di ninyo naibibigay. Sa aming parte naman ay patuloy kaming nakikipag-ugnayan sa mga may-ari at aming pinaparating ang inyong kahilingan. Subalit matapos ang dalawang sulat na aming pinadala ay di pa rin sumasagot ang mga may-ari.

Ang di inaasahan na pagkikita sa opisina ng ating Gobernador Ed Gadiano ay nagdulot ng negatibong impresyon pakiramdam po namin ay nabalewala ang ating mga pinag-usapan sapagkat lumilitaw sa inyong liham kay Gobernador na ang tanggapan ay walang ginawang solusyon sa inyong problema. Pero kung inyong susuriin ang inyong asosasyon ang siyang nagkulang na makahingi ng "waiver". Pinipilit nyo na magbigay ng "survey authority" ang opisina pero ang " waiver" naman ay di ninyo mabigay.

Sinabi ng inyong Pangulo sa harap ni Gobernador ang susukatin o "survey" ni Engr. Eric Christian Custodio na lupa ay walang bayad bilang pagtulong daw sa inyo. Gaano kaya ito katotoo? Nalaman ko rin sa inyong Pangulo ang nasabi lupa ay sukat na noon pa sa panahon ni CENRO Caesar Quebec at ito pinatunayan sa harap ni Gobernador Gadiano ni Engr. Custodio. **Ang tanong ko lang bakit ngayon sa panahon ng aking panunungkulan kayo lumapit para humingi ng "survey authority"** at bakit di niyo ginawa sa panahon ni CENRO Quebec na pwede at malaya naman niyang ibigay. Bakit kaya di binigay o bakit di kayo nag-apply. **Ngayon ng nalaman ang katotohanan na ang lupang inyong gusto na mapasainyo ay may nagmamay-ari pala**. Isang paglilinaw lang wala po akong sinisiraan sa mga dati at kasama ko sa DENR, kung sila ay may malasakit at pagmamahal sa mga tao lalo na ang mga kapuspalad sa lipunan bakit di nila binigay ang inyong kahilingan? Bakit di ninyo inalam sa kanila ang dahilan kung bakit di binigyan ng Regional Office ng "Survey Order". Para sa inyong kaalaman dalawang beses itong hiniling na bigyan ng Survey Order ang Shekinah. Ano kaya ang dahilan.